



Ang Kilusang Pabahay sa Komunidad (Community Housing Movement) ay isang panlipunang kilusang inilunsad ng HKCSS kasama ang pinagsanib na pagsisikap ng The Community Chest ng Hong Kong, Social Innovation and Entrepreneurship Development Fund (SIE Fund), mga maylupa, at mga NGO/kalakalang panlipunan (SEs), na sinusupportahan ng Pamahalaan. Ang HKCSS ay may ginagampanang papel bilang isang tagapamagitan sa pangangalap at pag-renoate ng mga hindi ginagamit na mga yunit ng tirahan mula sa mga pribado at pampublikong tagapagbuo, at pagkatapos ay pauupahan ang mga ni-renoate na yunit sa karapat-dapat na mga NGO/SE bilang mga angkop na tagapagpatakbo; At ang mga karapat-dapat na mga NGO/SE ay pauupahan ang mga yunit sa mga karapat-dapat na sambahayan.

Ang pangunahing ideya ng proyekto ay hindi ang pagtugon sa mga pangangailangan ng pabahay sa isang makitid na kahulugan, ngunit upang tingnan ang isyu ng pabahay bilang isyu sa kalidad ng pamumuhay ng mamamayan; Samakatuwid, ang proyekto ay may nakatuon ng husto sa pagpapabuti ng buhay sa komunidad ng mga residente sa kani-kanilang mga distrito. Sa madaling salita, binibigyang diin ng proyekto ang pagbibigay lakas sa komunidad sa kahulugang ang mga sambahayan ay maaaring makatanggap ng suporta sa komunidad upang malutas ang kanilang mga hamon sa pamumuhay; at sa pakikilahok, inaambag ng mga sambahayan ang kanilang talento sa komunidad.

Ang layunin nito ay, sa pagkakaloob ng matutuluyan habang lumilipat at mga serbisyong suporta, upang mabigyan ng panandaliang kaluwagan ang mga indibidwal o pamilya na:

- Naninirahan sa mga subdivided na yunit at nasa pila para sa Pampublikong Paupahang Bahay (Public Rental Housing) (PRH) nang hindi bababa sa 3 taon; O
- Mayroong agarang pangangailangan sa pabahay; At
- May full-time na trabaho o nag-apply para sa Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (Comprehensive Social Security Assistance) (CSSA);
- Sang-ayon sa konsepto ng kasama sa paninirahan, at kayang tumira sa ibang (mga) sambahayan;
- Natutugunan ang ibang tinukoy na mga kundisyon o kahilingan ayon sa

mungkahi ng serbisyo ng mga tagapagpatakbo ng serbisyo.

Upa

Ang antas ng upa ay hanggang sa pinakamataas na antas ng allowance sa upa sa ilalim ng Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad O 25% ng kabuoang kita ng sambahayan, alinman ang mas mababa.

Pinakahuling Balita sa Aplikasyon ng Nangungupahan

<https://communityhousing.hkcss.org.hk/tenant>

Makigpag-ugnay sa Amin

Address: Room 505, 5/F, Harcourt House, 39 Gloucester Rd, Wan Chai, Hong Kong.

Websayt: <https://communityhousing.hkcss.org.hk/>

E-mail: housing@hkcss.org.hk

Katanungan: 3596 7128

Mga Sentro ng Serbisyong Suporta para sa Etniko Minorya:

https://www.had.gov.hk/rru/english/programmes/programmes_comm_sscem.html

Libreng Serbisyong Interpretasyong Pantelepono na Ipinagkakaloob ng Hong Kong Christian Service-CHEER:

Kung kailangan mo ng anumang suporta para sa serbisyong interpretasyon, mangyaring makipag-ugnay sa mga nasa ibabang (mga) hotline at sabihin na ang iyong mga katanungan ay nauugnay sa "Social Housing / Community Housing Movement" para sa mas madaling pagkakakilanlan ng CHEER. Salamat.

Wika	Mga Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi हिन्दी	3755 6877
Nepali नेपाली	3755 6822
Urdu اردو	3755 6833
Punjabi ਪੰਜਾਬੀ	3755 6844
Tagalog	3755 6855

Thai ไทย	3755 6866
Vietnamese Tiếng Việt	3755 6888